# FILIPINO

## Grade 4

### Three-Term Budget Of Work (BOW) for Learning Competencies

# FILIPINO
# Baitang 4

## Three-Term Budget of Work
## For Learning Competencies

| Unang Termino | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota) at tekstong impormatibo (pag-iisa-paglalarawan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika, paggamit ng mga elementong biswal sa pagsusuri, paglalarawan, at pagpapakahulugan upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa lokal na komunidad at bansa na naaangkop sa edad, nagsasaalang-alang sa kasarian, paksa, at kultura batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa pagsasalaysay ng nakawiwiling pangyayari na naglalarawan ng isang lokal na komunidad o bansa na karanasan (anekdota). |
| **Subdomain** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula, at anekdota)<br>(a) Napagsusunod-sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa anim<br>(b) Nasusuri ang katangian at kilos ng tauhan<br>(c) Nakikilala ang realidad at pantasya<br>(d) Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto<br>(e) Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto<br>(f) Nakapagbibigay ng sariling pagwawakas |
| | Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |

| | |
|---|---|
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa-paglalarawan)<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto<br>(b) Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye<br>(c) Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (alamat, pabula, parabula, anekdota)<br>• maglahad (pag-iisa-isa-paglalarawan) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>(a) panandang konteksto<br>● kasingkahulugan<br>● kasalungat<br>● pagbibigay ng halimbawa<br>(b) tayutay<br>● onomatopeya |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>(a) layon (magsalaysay at maglahad)<br>(b) kahulugan<br>(c) tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>(d) konteksto (salusalo, kaarawan, binyagan, at kasalan)<br>(e) tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga panlapi at bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | (a) Gamit ng Panlapi<br>• unlapi<br>• gitlapi<br>• hulapi<br>• kabilaan<br>• laguhan |

| | |
|---|---|
| | (b) Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | (c) Pangngalan<br>• uri ng pangngalan (pantangi)<br>• uri ng pangngalan (pambalana: tahas/kongkreto, basal/di-kongkreto, at lansakan)<br>• kayarian ng pangngalan (payak at maylapi) |
| | (d) Panghalip<br>• panao<br>• pamatlig |
| | (e) Pang-uring Panlarawan<br>● kayarian ng pang-uri (payak at maylapi) |
| | (f) Pang-abay<br>• pamanahon<br>• panlunan |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• magsalaysay (alamat, pabula, parabula, anekdota)<br>• maglahad (pag-iisa-isa-paglalarawan) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga idea ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>(a) tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula at anekdota)<br>(b) tekstong impormatibo (pag-iisa-isa-paglalarawan) |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>● pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |

| | |
|---|---|
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may salusalo, pagdiriwang ng kaarawan, binyagan at kasalan |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (paanyaya) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (pabalat, pahina ng pamagat, pahina ng karapatang sipi, paunang salita) |
| **Panonood at Presentasyon** | Natutukoy ang mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo at direksyon (*directional*)) at ang kahulugan nito |
| | Nabibigyang-kahulugan ang mga tekstong biswal (teksto, *memes*, *logo, icons, barcode, QR Code*, atbp,) na namasid at napanood batay sa mga elemento nito |
| | Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo at direksyon (*directional*)) na nasa tekstong namasid o napanood |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*

<table>
<tr><th colspan="2">Ikalawang Termino</th></tr>
<tr><td>Pamantayang Pangnilalaman</td><td>Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili o biography ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika, paggamit ng mga elementong biswal sa pagsusuri, paglalarawan, at pagpapakahulugan upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa lokal na komunidad at bansa na naaangkop sa edad, nagsasaalang-alang sa kasarian, paksa, at kultura batay sa layunin, konteksto, at target na madla.</td></tr>
<tr><td>Pamantayan sa Pagganap</td><td>Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasan sa isang lokal na komunidad o bansa tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography) o talambuhay (biography) ng mga Pilipinong may makabuluhang ambag sa lipunang lokal o bansa.</td></tr>
<tr><td>Subdomain</td><td>Kasanayang Pampagkatuto</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)</td><td>Nauunawaan ang tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong bayan)<br>(a) Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas)<br>(b) Naibibigay ang kahulugan sa kilos at pahayag ng tauhan<br>(c) Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari<br>(d) Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan<br>(e) Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan<br>(f) Nahuhulaan ang posibleng kalalabasan ng pangyayari</td></tr>
<tr><td>Natutukoy ang tayutay (asonansiya at aliterasyon) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto</td></tr>
<tr><td>Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) gaya ng talaarawan, talambuhay ng sarili o autobiography at biography ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga bayani, manggagawa, dalubhasa at iba pa)<br>(a) Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto<br>(b) Natutukoy ang katotohanan at opinyon<br>(c) Nakikilala ang paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye<br>(d) Naibabalangkas ang mahahalagang impormasyon |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (anekdota, tulang pambata, kuwentong-bayan)<br>• maglahad muli (recount – talaarawan, talambuhay ng sarili at biography ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga bayani, manggagawa, dalubhasa at iba pa) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>(a) panandang konteksto<br>● kasingkahulugan<br>● kasalungat<br>● pagbibigay ng halimbawa<br>(b) tayutay<br>● asonansiya<br>● aliterasyon |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>(a) layon (magsalaysay at maglahad)<br>(b) kahulugan<br>(c) tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>(d) konteksto (lamay at pulong)<br>(e) tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |

| | |
|---|---|
| | (a) Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | (b) Pangngalan<br>• kayarian ng pangngalan (inuulit at tambalan) |
| | (c) Panghalip<br>• pananong<br>• panaklaw |
| | (d) Pang-uri<br>● Panlarawan<br>-kayarian (inuulit at tambalan)<br>● Pamilang (patakaran at panunuran) |
| | (e) Pang-abay<br>• pamaraan<br>• panggaano |
| | (f) Pandiwa<br>● aspekto (pawatas, naganap/perpektibo, at katatapos) |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (anekdota, tulang pambata, kuwentong-bayan)<br>• naglalahad (recount – talaarawan, talambuhay ng sarili at biography ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga bayani, manggagawa, dalubhasa at iba pa) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga idea ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>(a) tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, kuwentong-bayan)<br>(b) tekstong impormatibo (recount – talaarawan, talambuhay ng sarili at biography ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga bayani, manggagawa, dalubhasa at iba pa) |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon: |

| | |
|---|---|
| | • pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may lamay at pulong |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (pakikiramay) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (talaan ng nilalaman, katawan ng aklat) |
| **Panonood at Presentasyon** | Napaghahambing ang kahulugan ng mga tekstong biswal na makikita sa mga babala, anunsiyo, at patalastas |
| | Nasusuri ang kaangkupan ng elementong biswal at simbolong kultural na ginamit sa pagbuo ng teksto (teksto, *memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning*, atbp.) |
| | Naibibigay ang layon ng mga tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*

| Ikatlong Termino | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika, paggamit ng mga elementong biswal sa pagsusuri, paglalarawan, at pagpapakahulugan upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksang patungkol sa lokal na komunidad at bansa na naaangkop sa edad, nagsasaalang-alang sa kasarian, paksa, at kultura batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tekstong naglalahad ng proseso ng isang gawain sa lokal na komunidad o bansa. |
| **Subdomain** | **Kasanayang Pampagkatuto** |
| **Pakikinig at Pagbasa (Kasanayang Pagtanggap)** | Nauunawaan ang tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan)<br>(a) Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay<br>(b) Naibibigay ang sariling solusyon sa suliranin<br>(c) Nahihinuha ang susunod na pangyayari<br>(d) Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari<br>(e) Naiiba o nababago ang mga pangyayari sa teksto<br>(f) Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari<br>(g) Naibibigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga pangyayari |
| | Natutukoy ang tayutay (simili o pagtutulad) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto |
| | Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan |
| | Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso)<br>(a) Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram<br>(b) Naipakikita ang nakalap na impormasyon gamit ang balangkas o dayagram |

| | |
|---|---|
| | (c) Naibibigay ang lagom ng teksto |
| | Nasusuri ang layon ng teksto<br>• magsalaysay (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan)<br>• maglahad muli (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso) |
| **Pagsasalita at Pagsulat (Kasanayang Produktibo)** | Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap<br>(a) panandang konteksto<br>• kasingkahulugan<br>• kasalungat<br>• pagbibigay ng halimbawa<br>(b) tayutay<br>• simili o pagtutulad |
| | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:<br>(a) layon (magsalaysay at maglahad)<br>(b) kahulugan<br>(c) tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>(d) konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal)<br>(e) tono at damdamin |
| | Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag |
| | (a) Pangatnig<br>• pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang<br>• pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang |
| | (b) Pangngalan<br>• kayarian ng pangngalan (inuulit at tambalan) |
| | (c) Panghalip<br>• pamanggit |
| | (d) Pang-uri<br>• pamilang (pamahagi) |

| | |
|---|---|
| | • kaantasan (lantay) |
| | (e) Pang-abay<br>• pang-agam<br>• kataga o ingklitik |
| | (f) Pandiwa<br>• aspekto (nagaganap/imperpektibo) at (magaganap/kontemplatibo) |
| | Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso<br>• nagsasalaysay (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan)<br>• naglalahad (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso) |
| | Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga idea ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto<br>(a) tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan)<br>(b) tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso) |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:<br>• pakikipag-usap sa kasapi ng pamilya (pagpapaalam, pag-uutos, paghingi ng paumanhin, pagsali sa usapan ng may edad) |
| | Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br>• kilos at galaw ng katawan (kumpas, padyak, tayo, atbp.)<br>• ekspresyon ng mukha |
| | Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may kapistahan at pambansang pistang opisyal |
| | Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon at transaksiyonal na teksto<br>• liham pangkaibigan (pagbati at pasasalamat) |
| | Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (glosari, bibliyograpiya, indeks, at apendiks) |

| | |
|---|---|
| **Panonood at Presentasyon** | Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal |
| | Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon |

** Pangkatin (i-cluster) ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa iba't ibang subdomeyn sa pagdidisenyo ng lingguhang aralin, batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.*